# ISANG ARAW SA KARNABAL

(Isang simpleng horror story)

*Everything is as it is. It has no name other than the name we give it. It is we who call it something; we give it a value. We say this thing is good or it's bad, but in itself, the thing is only as it is. It's not absolute; it's just as it is. People are just as they are.*

*-- Ajahn Sumedho, "The Mind and the Way"*

**Mga Tauhan:**

Toni – 27-30 taong gulang, hindi kagandahan, nasa ika-anim na buwan ng pagbubuntis.
Zaldy—30-35 taong gulang, artistahin

**Tagpuan and Panahon**:

Sa isang jologs na peryahan. Sa kasalukuyan.

(*Ilang minuto bago mag-umpisa ang palabas, kapag nakaupo na nang maayos ang mga manonood, ipatutugtog ang The Way We Were version ni Maureen McGovern.*[*]

*Pagtuloy na ipatutugtog ang kanta habang dahan-dahang hihina ang ilaw sa panig ng mga manonood kasabay ng pagbubukas ng ilaw sa tanghalan. Makikita natin si Toni na mag-isa sa entablado. Nakikita ngunit hindi pa masyado halata ang kanyang pagbubuntis.*

*Pinakikinggan niya ang TWWW (parehong kanta na naririnig ng manonood) sa kanyang iTouch. Ititigil niya ang tugtog sa kalagitnaan upang ulitin sa umpisa. Maririnig ng lahat, na sa areglong ito, maririnig lang ang umpisang saliw ng TWWW ngunit hindi na ito maririnig muli.*

*Dahan-dahang lalapit si Zaldy mula sa likuran ni Toni. Tatakpan niya ang mata ni Toni na parang naglalaro'ng bata.)*

Toni : (*Mabilis na mahuhulaan ang taong nagpiring sa kanya*.) Zaldy, late ka.

(*Tatanggalin ni Toni ang mga kamay ni Zaldy sa kanyang mga mata at haharapin siya.*)

Zaldy : Sana naman, nagsabi ka ng ibang pangalan para nagselos ako.

Toni : O di sige, ulitin mo.

(*Babalik si Zaldy sa dulo ng entablado. Muli siyang lalapit mula sa likod ni Toni upang piringan ang kanyang mga mata*. Maririnig ang ingay ng karnabal sa paligid.)

---

[*] Ang kantang ito ay mula sa Maureen McGovern's greatest hits. Kakaiba ang areglo ng TWWW na ito, dahil kakantahin lang ang unang dalawang linya ng awit -- "Can it be that it was all so simple then/ Orr has time rewritten every line." – at pagkatapos se-segue sa ibang kanta. Parang inaasahan mong lalabas muli ang melody o lyrics ng TWWW, pero hindi na ito maririnig pa na parang nakalimutan niyang kinanta niya ito sa umpisa. Parang naging *desaparecido* ang kanta!

Toni : General Palparan, ikaw ba yan?

(*Matitigilan si Zaldy. Matatawa ng matatawa si Toni.*)

Zaldy : Alam mo, hindi nakakatawa ‘yan.

Toni : (*Tumatawa pa rin*.) Talaga? Bakit ako, tawang-tawa? Nakapagtataka ba na piringan ako ng berdugo ng militar?

Zaldy ; Nakakasawa. Nakakasuka. Nakaka-bad trip.

Toni : Ikaw itong nag-umpisa ng mga joke. Kung ayaw mo, e di hindi na lang ako magsasalita.

Zaldy : Toni please.

Toni : Kung ayaw mong ituloy, huwag mong umpisahan. (*Hihina ang ingay ng karnabal*.) Yan ang sabi ng Tatay ko.

Zaldy : (*Kakamot ng ulo*.) E….. Huwag kang ganyan. Paminsan-minsan lang tayong ganito...Tapos ganito ka pa… Bakit pa tayo nasa peryahan kung… Huwag muna nating… alam mo iyon?

Toni : Hindi.

Zaldy : Walang dudukot sa iyo, ok? Maraming tao.

Toni : Ang tatay ko dinukot nila sa rally. Mas maraming tao doon. Nakunan pa nga siya ng mga photographer. Linabas pa sa diyaryo. Nagmamadali na si General Palparan, di ba’t ultimatum niya ang sugpuin ang communist party at sa mga sumusuporta nito bago matapos ang termino ni GMA?

Zaldy : Pwede pang magka-amnesia naman tayo, minsan. Sa Kaharian ng Pantasya, magagandang bagay lang ang nangyayari.

(Lalakas ang tunog ng carousel na nasa paligid.)

Toni : Marami rin namang na-a-amnesia sa totoong mundo. Nang hinanap na nga namin si Tatay. Bigla na lamang walang nakaalala kung nasaan siya. Ngayon nga ilan na lang ang nakakaalala kung sino siya.

Zaldy : Gusto mo’ng sumakay doon sa mataas na ferry’s wheel. Pagdating sa tuktok, makikita natin ang buong grounds.

Toni : Sana nandito si Sarah, ano? Pihadong magugustuhan niya ang mga rides dito. Ilang taon siya noong nawala? Five?

(*Ayaw ipahalata ni Zaldy ang kanyang pagkapikon sa alaala ng nawawala niyang kapatid na babae*.)

Zaldy : Six. At ayaw niya ng mga rides. Mahilig siya sa fairy tales. Hindi ka ba marunong mag-enjoy? Ikaw ang may suggestion dito sa peryahan. Sabi ko naman sa iyo sa Enchanted Empire na lang tayo pumunta.

Toni : May hinahanap kasi ako. At saka, nag-e-enjoy naman ako, a. At saka di ba sa fairy tale din naman, may mga evil? Yung lumason kay Snow White. Yung maniac na tinakbuhan nina Hansel at Gretel. Iyong, dumukot kay Sarah. Nakalimutan mo na ba?

Zaldy : May schedule ako. Hindi ka kailangang magpaalala. (*Mawawala ang ingay ng carousel.*) Pag birthday ni Sarah o pasko, parati akong nag-ngunuynugy sa kaiisip kung nasaan siya. Pero matagal pa yun.

Toni : Kailangang mag-ingat tayo, Zaldy. Walang schedule ang kasamaan. Bakit ba ayaw mong maniwala sa akin? Ang pakiramdam ko, may mga lalakeng sumusunod sa akin.

Zaldy : Saan? Kailan? Ano'ng suot.

Toni : Hindi ko alam, pero ramdam ko. Ramdam ko lang. Malapit ko na kasing makita si 'Tay.

Zaldy : Madame Auring, puwedeng magpahula?

Toni : Ayaw mong maniwala, di huwag. Iba-ibang lalake ang sumusunod sa akin.

Zaldy : Ano'ng akala mo? Maganda ka? Ako lang naman ang lalakeng nagtiatiagang bumuntot sa iyo,

Toni : Gago!

(*Lalapit si Toni kay Zaldy na umaasang hahalikan. Di sigurado si Zaldy kung hahalikan niya si Toni o hindi. Awkward moment. Yayapusin ni Zaldy si Toni na parang matalik na kaibiga.)*

Zaldy : Kumusta ka.

Toni : Ok. (*Kakalas siya sa yakap.*) At saka Congressman na siya. Party List representative, alam mo ba?

Zaldy : Sino?

Toni : Si Palparan. Nasa diyaryo. Magkatabi pa nga sila ni Satur Ocampo dahil alphabetical order ang pagkakaayos ng mga upan. O tapos P.

Zaldy : Mahilig ka talagang maghanap ng irony, ano?

Toni : Kung ang kiniskis na suklay na plastic ay may static. Ako naman magnet ng irony. Sa buhay ko, kusa itong lumalapit. Hindi ko ito hilig. Kung ang mga ibang babae nagbe-bake ng cake, o nangungulekta ng Louis Vuitton. Ang totoong hilig ko ay sumulat at magpapirma ng petition.

(*Kakalas si Toni sa yapos. Isa-isa niyang ilalabas ang Petition Paper mula sa kanyang bag.*)

O heto--Patalsikin si Palparan! Pumirma ka na diyan. Inilaan ko ang isang espasyo para pangalawa ka, pagkatapos ng pirma ko. Heto naman ang isa pa: Gloria Resign! Ang tagal na nyan, Pero di kasi kasi nagpapakita--

(*Mababasa ni Zaldy mula sa mga papel ang isang medical findings*.)

Zaldy : Ano ito?

Toni : (*Pilit na hahablutin ni Toni ang papel na binabasa ni Zaldy*.) Ay—hindi kasama iyan. Naku, akin na—

Zaldy : Buntis ka?

Toni : Ows?

Zaldy : (*Tinutukoy ang papel.*) Positive sa pregnancy test. 'Yan ang sabi dito. (*Babasahin ang papel*.) Mandaluyong Pre-natal Center, Dawn Sante hilot.

Toni : (*Makukuha niya ang mga papel na ilalagay niya muli sa kanyang bag*.) Ganoon ba? Akala ko naimpatso lang ako. Kaya lumalaki ng ganito ang tiyan ko.

Zaldy : Hindi nakakatawa, Toni.

Toni : Lahat na lang ng sinasabi ko nakakaiyak. Akala ko ba nandito tayo para mag-enjoy. Bakit mo sineseryoso ang lahat? Buntis ako, alam mo na. Ok? Tapos.

Zaldy ; Kilala kita. Ganyan ka magpakita ng galit.

Toni : Zaldy, hindi ako galit sa iyo. Ang galit ko ay reserbado sa ibang bagay.

Zaldy : Hindi ko alam na… Ngayon ko lang nalaman na… , Toni… (*Katahimikan*.) Kaya naman pala parang asiwa si Poi nang tumawag ako sa Sentro Deseparecidos noong isang linggo. (*Litong-lito si Zaldy*.) Buntis ka. Oh no!

Toni : Oh no!?

Zaldy : (*Apologetic*.) Sandali! Teka,

(*Tatalikod si Zaldy kay Toni na parang hindi niya kayang harapin ang mga sasabihin niya. Samantala, isusuot ni Toni ang kanyang earphones para makinig kay Maureen McGovern. Muli nating maririnig ang awit.*)

Hindi "oh no!" na parang mali o pagkakamali. Kundi "oh no!" na punong-puno ng pagkamangha… parang swoosh--- inilipad ako at lumulutang sa himpapawid. Parang tumambad ang isang palaisipan at kailangan kong magbigay ng sagot.

(*Babaling muli si Zaldy kay Toni. Makikita niyang hindi siya pinakikinggan ni Toni.*)

Narinig mo ba ang sinabi ko?

Toni : Oo. Blah, blah, blah. Blah, blah, blah.

Zaldy : Mas mahalaga naman kaysa sa pakikinig mo sa iTouch. Toni, hindi nga.

Toni : (*Tatanggalin ni Toni ang headphones upang ibigay ang iTouch.*) Ikaw ang humusga. Pakinggan mo nga ang kantang ito?

Zaldy : (*Kukunin ni Zaldy ang iTouch at pakikinggan si Maureen McGovern.*) O, ano ang problema nito.

Toni : Ang sabi diyan "The Way We Were". Kinanta niya dalawang linya lang. Pagkatapos iba na ang buong kanta.

Zaldy : (*Pakikinggan ni Zaldy ang kanta.*) Pati ba naman nawawalang lyrics pinagtatakahan mo?

Toni : Hindi ba puwedeng magtaka? Malay natin, ngayon The Way We Were. Bukas, makalawa, kulang na ang lyrics ng Lupang Hinirang.

Zaldy : Pati ba naman mga lyrics ginagawa mo ng desaparesidos ngayon?

Toni : Saan sila pumunta? Gusto ko lang malaman.

Zaldy : Hindi sila nawawala. Kusa silang hindi inilagay. Iyun lang yun. Kailangan mo bang problemahin ang lahat?

Toni : Ilagay mo ang sarili mo sa kalagayan ko. Umaasa kang kakantahin niya ang The Way We Were. Kinanta nga niya ang umpisa—"Could it be that we were all so simple then, Or has time rewritten every line"-- tapos may pasakalye. Umaasa kang itutuloy niya ang kanya. Pero wala na. Naglaho na ang kanta at iba ng kanta ang naririnig mo. Hindi ka ba magtataka?

Zaldy : E sa yan ang arrangement niya. Ano ang magagawa mo?

Toni : Hindi ka ba mababahala? Saan pumunta ang kanta? Binale wala niya ako. Ang kanyang tagapakinig. Ano ang gusto niyang ipahiwatig? Na pwede siyang magpa-asa ng tao pagkatapos, iyon na iyon? Bibitinin lang niya. At kalimitan ang pagbibitin, patiwarik. Aba, umaasa ang tao. Kaya nga siya tao dahil marunong siyang umasa. Ipinaganak siyang umaasa. At kung talagang tao siya, mamamatay siyang may pag-asa na malalaman kung saan pumunta ang ibang lyrics ng kanta.

Zaldy : Hindi ko alam. At saka wala akong pakialam. Pangit naman ang kantang yan. At kailan ka pa nakikinig sa mga ganyan. Di ba mga kanta lang ng Patatag ang pinakikinggan mo?

Toni : Siguro dapat sumulat tayo ng petition dito… Dito … sa recording company na ito. Sa singer na ito. Sino ba ito?

Zaldy : Ay naku, Toni. Tutulungan kita sa paghahanap ng mga nawawalang aso, O mga kaparis ng hikaw na nahulog sa balon. Sa mga kung sino-sinong nawawalang mga magsasaka o manggagawa sa lahat ng kampo ng Pilipinas. Pero, Toni naman. Hinding-hindi ako maghahanap ng mga nawawalang lyrics ng kanta.

(*Saglit.*)

Ilang buwan na yan?

Toni : Hindi ko alam. Pwede mong hulaan.

Zaldy : Ang hirap mong kausapin. Simple lang naman ang tanong.

Toni ; Bigyan kita ng clue. Kailan ka ba huling nagpakita sa akin? At ano ang ginawa natin noon?

Zaldy : Toni—

Toni : Pwede mo namang sabihing nagkamali ka. Ok lang naman.

(*Saglit.*)

O kaya sabihin mo sa aking hindi ka nagkamali. Ok din.

(*Saglit.*)

Zaldy : Kumain ka na?

Toni : Gusto ko ng cotton candy.

Zaldy : Magaling! Mas madali tayong makakapili ng pangalan. 'Pag babae, Candy.

(*Maglalabas siya ng violet na cotton candy mula sa kanyang bag.*)

Alam ko kasing paborito mo ito kaya binili ko na bago mo pa hingin.

Toni : (*Kukunin niya ang cotton candy at uumpisahang kainin.*) E, kung lalake?

Zaldy : E di… Cotton. John Christopher "Cotton" Ragadio, Jr.

Toni : Paano ka makakasiguro na sa 'yo ang batang 'to.

Zaldy : E di pa-DNA test katulad ng mga buto ng mga nahahanap nating nawawalang mga tao.

(*Saglit na katahimikan.*)

Toni : (*Tatawa siya. Delayed reaction.*) Ha ha ha ha ha. Oo nga. Naisip mo na bang maging stand-up comic?

Zaldy : Gusto ko lang magpaliwanag?

Toni : Kung gusto mo. Pero hindi kailangan. Hindi ako pumayag na makipagkita sa iyo dahil gusto kong makarinig ng paliwanag. Enjoy na ako sa pagiging libre…. At sa libre mo. Akala mo nakalimutan ko?

(*Maririnig ang mahinang ingay ng carousel.*)

(*Maglalabas ng maliit na kahon na maganda ang pagkakabalot mula sa kanyang bag at ibibigay kay Zaldy.*)

Happy birthday!

Zaldy : (*Kukunin ang kahon at uumpisahang buksan.*) Wow, nag-abala ka pa? Ano ito? (Bubuksan ni Zaldy ang kahon at ilalabas ang lamang laruang tae na makikita ng mga manonood.)

Toni : Tae. (*Saglit*) Tuwang-tuwa ka kasi diyan noong nakita natin sa fun house kaya naisip kong ibigay sa iyo. Ang cute 'no?

Kaya hayan, sa iyong sa iyo na siya.

(*Galit siya nang kaunti.*)

Shit ka Zaldy! Shit ka! Hindi dahil chinukchak mo ako at iniwan kundi dahil… Chinukchak mo ako at iniwan… at pinagtaguan!

Alam mo namang nababagabag ako sa mga biglang nawawala.
Mahirap maghanap, Zaldy.

Zaldy : Huwag ka ng magalit, nandito na ako.

Toni : At ngayong nandito ka na, Alam kong buhay ka pa at tanga pa rin… At nag-aangkin ng napakagandang mga mata. E di putang-ina e di ok na. Mag-sorry ka. Tapos, pwede ka ng umalis at huwag ng magpakita sa akin. Ok na.

(*Hihina ang tunog ng carousel.)*

Zaldy : Toni,,, Tonigirl... Tonypet…. O huwag ka ng umiyak. Humuhulas ang make-up mo. Baka pagkamalan kang clown.

(*Matatawa silang dalawa.*)

Toni : Ano'ng oras na? (*Titingin sa relo ni Zaldy*.) Kailangan akong umalis ng ala-sais.

Zaldy : Ang aga naman. Hindi sulit ang ibinayad ko sa tiket.

Toni ; Kailangan kong makipagkita sa isang bagong informant sa Tuguegarao. Maaga ang alis ng bus sa P. Noval.

Zaldy : Hindi pa tayo nakakasakay man lang sa carousel.

Toni : E di sumakay ka na.

Zaldy : Gusto ko kasama ka.

Toni : Actually, iniisip ko, doon sa mga tea cup na nagbabanggaan.

Zaldy : Hindi kaya makasama yan sa baby… natin?

Toni : Okay lang yan, malalaki naman ang mga tea cup.

Zaldy : At saka yung biyahe…. Matagtag ang papuntang Tuguegarao.

Toni : Ako, sinasabi ko ito nang walang halong sahog ng mapait na ampalaya, pero, ano ba ang pakialam mo?

Zaldy : Hindi ba obvious?

Toni : Hindi ko hinahabol ang batang ito sa iyo, Zalds.

Zaldy : Nasulsulan ka na naman ng mga kaibigan mong feminist, ano?

Toni : Wala silang kinalaman dito.

Zaldy : Ano'ng pri-nomise nila sa iyo. Na isasama ka nila sa kanilang commune at pare-pareho niyong aalagaan ang bata? Siguro nag-lecture na naman si Gina sa lahat ng mga pangit na ugali naming mga lalake. Iyan ang hindi ko maintindihan sa mga kaibigan mo. Kung talagang masasama kaming mga lalake, e bakit kung magbihis sila at umasta, para silang mga lalake!

Toni : Zaldy, huwag mo silang isama sa usapan. Ni hindi ko pa sinasabi sa kanila na buntis ako.

Zaldy ; Anak ko rin yan, Tatanggalin mo ba ang karapatan kong mag-alala tungkol sa iyo at sa bata? (*Saglit.*) Ipagpaliban mo muna ang Tuguegarao.

Toni ; Naka-oo na ako sa informant.

Zaldy : Hindi ako nanghihimasok, Toni. Pero makakayanan mo ba ang maari mong makita bukas? Sa kalagayan mong yan?

Toni : Bakit? Ano ba ang makikita ko bukas?

Zaldy : Limang taon ng nawawala ang tatay mo.

(*Titingnan siya ni Toni)*

Toni : Anim. Nagkilala tayo sa Sentro isang taon pagkatapos siyang hablutin sa rally ng Mayo Uno.

Zaldy : Sino ba yang pupuntahan mo?

Toni : Nagrespond ang informant sa community blog ng mga desaparedidos. Mayroon daw isang magsasaka doon na nakakita ng isang mamang kahawig ng tatay ko.

Zaldy : Bakit ngayon lang lumantad? Baka nanloloko lang yan. Maraming mga sira ulong--

Toni : Nag-usap na kami sa phone. Takot daw siyang lumantad five years ago.

Zaldy : Naalala mo noong hinahanap natin ang kapatid ko. Ilang din iyong pinuntahan nating wala naman palang alam o kaya humihingi lang ng pera.

Toni : Malakas ang kutob ko dito, Zalds. Naalala pa niya ang suot ng tatay. Parehong-pareho doon sa suot niya noong araw na hablutin siya ng mga di kilalang tao. Alam nga niya ang kulay ng medyas ni Tatay. Wala na daw kasi siyang suot na sapatos noong kinakaladkad siya sa pilapil ng sakahan.

Zaldy : Sabi ba niyang buhay pa siya?

Toni : (*Sigurado.*) Oo!

*(Maririnig ang mahinang ingay ng paligid ng karnabal.)*

Zaldy : (Hindi kumbinsido si Zaldy sa paniwala ni Toni, pero hindi niya ito makontra.) Nakita ko yung mga swan boats sa banda roon. Halika na. Magpakuha tayo ng picture.

(Sandaling katahimikan.) Alam mo, sa mga cases na ganito --

Toni : (*Asiwa.*) Walang ganyanan Zaldy. Mag-iingat ka. Pag sinabi mo, magkakatotoo. Hindi naman kita ginanyan noong hinahanap natin si Sarah, ah.

(*Hihina ang ingay ng paligid ng karnabal.)*

Zaldy : Umasa ako. Pero ganoon din ang nangyari, di ba? Nang makita natin si Sarah, patay na.

Toni : Iba ang tatay ko. Mas malakas, mas maliksi. Mas may dahilang upang mabuhay.

Zaldy ; Nahaluglog na natin ang lahat ng kampo sa Pilipinias.

Toni : Maaring din namang nakatakas na siya.

Zaldy : Bakit hindi pa siya nagpapakita sa inyo?

Toni : Hindi siya makapunta sa amin. Nagpapalakas siya. Prinoprotektahan niya kami.

Zaldy : E di hintayin mo na lang na magpakita siya sa inyo.

Toni : Kasi baka…nagtatago rin siya sa amin.

Zaldy : Bakit naman niya kayo pag-tataguan?

Toni : Basta.

Zaldy : Ano'ng basta?

Toni : (*Medyo maaalangang sabihin.*) May ibang pamilya si Tatay.

Zaldy : Saan mo naman nakuha ang balitang yan?

Toni : Noong isang taon ko lang nalaman. Isang araw may dumating na babae kasama ang binatang anak. May dala pang album. Nakita namin ang picture ng kasal. At

mga binyag. Kami pa pala ang pangalawang pamilya. Kung hindi siya nawala. Di pa namin malalaman.

Zaldy : Toni, Tonigirl. Tonipet…

Toni : Wala sa akin yun. Naintindihan ko. Macho yun, e. May union leader ba'ng hindi.

Zaldy : Huwag ka ng pumunta ng Tuguegarao.

Toni : Yan din ang sabi ni Nanay. At ni Belen, yung unang asawa. Ano kaya yun? Nagalit na lang sila sa kanya. Siguro inisip nila: Babaero ka, hayop ka, sana tinto-torture ka na ngayon. Wala na kaming pakialam sa iyo.

Zaldy : Gusto ko sana dumistansiya muna tayo sa kaso ng tatay mo. Maski hanggang mailuwal ang bata.

Toni : Hindi nababago ang alaala ko sa kanya. Hindi ba pwedeng magmahal nang sabay ang isang tao? Mabalik lang kami sa dati. Ok na ako.

Zaldy : Alagaan muna natin ang baby at ikaw. Makapaghihintay ang Tuguegarao.

Toni : Madali mo ng pakawalan ang lahat. Nahanap mo na ang kapatid mo.

Zaldy : Bangkay ang nahanap natin, Toni. Isang inaagnas na bangkay na nakataling parang baboy at may busal na plastik bag ng grocery ng Shoe Mart sa bunganga.

(<u>SFX: Creepy sound effects</u>.)

Toni : May kutob ako na alam ng informant kung saan si 'Tay at pinatatawag niya ako para makipag-usap sa kanya. 'Pag nagkita kami bukas, yun lang ang sasabihin ko. 'Tay walang kaso yun. Umuwi na tayo. Sorpresahin natin si Inay.

(<u>Katahimikan</u>.) Ano kaya ang nangyari kay Sarah, ano? Six years old. Sino naman ang dudukot sa kanya?

Zaldy : Ano man ang mahanap mo bukas, di na maibabalik ang dati. Matapos naming mailibing ang mga labing buto ni Sarah, naghihintay pa rin si Dad na umuwi niya. Noong isang araw lang tinanong niya ako: O, Zaldy nasundo mo na ba si Sarah sa eskuwela. At saka niya naalala. Nailibing na pala namin ang mga buto.

Ilang buwan pagkatapos ng libing, nagulat ako. Nagpasama si Dad sa akin sa Makati para i- claim ang life insurance ni Sarah.

Toni : Si Sarah may insurance?

Zaldy : Promo yun, e. Kasama sa educational plan na hinulugan ni Dad. Doon sa claims counter, mahinahon niyang pinaliwanag ang pagkamatay ni Sarah. Pero yung manager, sabi niya where is the death certificate? Pinaliwanag ni Dad na walang makapag-issue ng death certificate dahil bungo lang at ilang buto ang nakita sa hukay. Umiling ang manager. I'm sorry, sabi niya. Unless there is a death certficate, your daughter is not dead. Tumingin sa akin si Dad. Huminga ng malalim. Narinig mo yun, sabi niya, habang nagtitimpi. Hindi daw patay si

Sarah. Tapos, bigla na lang, tumayo siya, kinuwelyuhan ang manager at saka pinagsususuntok sa mukha. Sino ka para magsabing hindi patay ang anak ko! Sigaw siya ng sigaw. Mabubuhay ba siya maski walang death certificate? Ha? Ha?

Toni : Ano'ng ginawa mo?

Zaldy : Hindi ko siya inawat. Hinayaan kong pagsusuntukin niya ang manager hanggang dumating ang mga guard. Akala ko makukulong kami, e. Nag-sorry ako. Linebre namin ang buong claims division. Nagpabili ako ng pizza Manager's choice.

*(Maririnig ang nakakaengganyong sound effects ng pistol booth. Over, under and out. Aabot sila sa harap ng isang pistol booth.)*

Toni : Pistol booth, o!

Zaldy : Gusto mong sumubok?

*(Magbabayad si Zaldy sa attendant. Babaril si Toni l ng target. Magaling siyang pumuntos.)*

Zaldy : Ang galing mo talagang umasinta!

Toni : (*Susubok uli si Toni.*) Oo naman. Pag nakita ko ang mga pumatay sa tatay ko---

(*Maririnig ang "winner sound" sa pistol booth.)*

(Babaril si Toni. *Mananalo siya ng stuffed toy.)*

Toni : (*Ibibigay niya ang stuffed toy kay Zaldy*.) O…

Zaldy : Salamat.

Toni : Hindi para sa iyo yan. 'Bigay mo sa Dad mo.

Zaldy : May mas maganda akong naisip na regalo sa kanya. (*Tutukuyin ang sanggol na pinagbubuntis ni Toni*.) Hindi na natin kailagang balutin. Pag sinabi natin sa kanya, pihadong masosorpresa yun. At matutuwa. Kung babae ang baby, tawagan nating Sarah.

(*Hindi kikibo si Toni*.)

Toni : Full time na ako sa Sentro. Parati rin naman akong nag-a-absent sa trabaho kaya nag-resign na ako sa Call Center at tinaggap ang pagiging executive director. Mababa ang suweldo pero at least, tutok na talaga ako.

Zaldy : (*Hahawakan niya sa kamay si Toni habang naglalakad sila*.) Magpakasal tayo, Toni. (*Maririnig ang "pistol miss" sound.)*

Toni : Sige. (*Maririnig ang "pistol hit" sound.)* Pero wala naman yatang wedding booth dito.

Zaldy : (*Pikon.*) Okay. Pwede bang moratorioum muna sa jokes?

Toni : Ilang seconds?

Zaldy : Mga five and a half.

Toni : Sige.

Zaldy : Uulitin ko, ha? Magpakasal tayo, Toni.

Toni : Sige, pero sasamahan mo ba ako sa Tuguegarao bukas?

(*Hindi makakaimik si Tony.)*

Five, four ,three, two,

(*Maririnig natin ang tunog ng buzzer sa dunk booth*. May mahuhulog sa tubig. Magtatawanan ang mga tao.)

Okay, game over. Joke na uli.

(*Dahan-dahang maririnig ang mahinang horror music habang pinapalibutan sila ng horror lights.*)

(*Lalakad papalayo si Toni. Maririnig natin ang papalakas na tunog ng mga nanghihiyawang tao na nakasakay sa isang roller-coaster. Makikita ni Toni ang roller-coaster horror ride.* )

Toni : Halika. Sakay tayo diyan.

Zaldy : Horror ride?

Toni : (*Titingnang mabuti sa harap ng ride.*) Hindi lang ito horror ride. Roller-coaster horror ride ang tawag diyan. (Pagmamasdan niya ang ride mula sa iba't ibang anggulo.) Teka…mukhang… (Makakasiguro siya) Paksiyet!

Zaldy : Bakit na naman?

Toni : Nahanap natin. Ito na nga siya. Siya na nga siya. Paksiyet. Siyang-siya!

Zaldy : Sino?

Toni : Ang roller coaster. Hindi mo ba mamukhaan? Siya ang pinakamagara at dinadayong star attraction doon sa pinakamalaking karnabal noong pasko. Naalala mo?

Zaldy : Hindi.

Toni : Pero bigla siyang nawala.

Zaldy : Huwag mong sabihing pati roller coaster ngayon dinudukot na rin.

Toni : Kasi maraming nadidisgrasya sa kanya. May isang batang napatalon sa takot, naipit ang paa sa riles, kinaladkad na parang karne sa gilingan. May isang babaeng, pumulupot ang scarf sa gulong. Di nakatakas sa hablot. Nabitay.

Zaldy : E bakit ito hinahayaan mag-operate?

Toni : Marami na ang nag-complain. At ilang beses na rin itong binabaklas. Mawawala ng ilang buwan o taon. Pagkatapos, saka patagong susulpot na parang patibong sa kung saang karnabal o maliit na peryahan.

(*Susundan nila ng tingin ang tarpaulin sa kanilang harap mula baba patingala sa langit.*)

Toni : Halika, sakay tayo.

Zaldy : Ayoko nga.

Toni : Ang hina naman ng loob mo.

Zaldy : Ang taas-taas, o. At gumegewang ang mga steel support habang humahagibis ang tren. Hindi talaga safe diyan.

(*Maririnig ang kalampag ng gumegewang na paghagibis ng tren.)*

Toni : Mas maganda kapag nakasakay na tayo.

(*Lalapit si Toni sa tarpulin na nagpapakilala sa roller coaster horror ride*. Babasahin ang nakalagay sa tarpaulin.)

"Come ride, the Mother ~~of~~ all horror. Twist of fate… Death to all."

Zaldy : (*Binabasa rin.*)

Nawawala ang "of".

(*Itutuloy ang pagbabasa.*)

(Titingin sila sa isa't isa.)

Zaldy/Toni: (*Tinatakot ang isa't isa.*) Dinukot…..

"The up and downs will bring you fun."

Toni : "We give you fear, when once there ~~was~~ none."

Zaldy : Nawawala ang "was".

Toni/Zaldy: Sinalvage…

(*Mabilis na aatras si Zaldy na parang tatakbo palayo sa ride. Pipigilan siya ni Toni.*)

Toni : Zaldy ano ba? Halika na.

Zaldy : Hindi pa ba sapat ang horror sa buhay natin?

(*Mahahawakan ni Toni ang tumatakas na si Zaldy*.)

Toni : Gusto ko lang malaman kung matatakot pa ako pagkatapos ng lahat ng nangyari sa amin. Halika na, bilis. Suwerte tayo. Maikli ang linya.

Zaldy : Sabi ng ayoko, e.

Toni : Aayaw ka ba sa ating first ever family ride experience? Baka hindi na ito maulit muli.

(*Tutunog ang mataas at misteryosong nota mula sa biyulin*. *Kakabahan si Zaldy. Aabot na sila sa entrance ng ride.*)

Zaldy : Toni, please.

(*Papasok si Toni sa upuan ng roller coaster*.)

Toni : Safe ako dito, o. (*Ipapakita ni Toni ang upuan.*)

May bar harness, o. At nababasa mo ang sign?

(*Ipapakita at babasahin ni Toni ang signage*.)

"This ride is safe for pregnant women up to 6 months, senior citizens up to the age of 72, and people of both sexes on the verge of a nervous breakdown."

(Saglit.)

Sasama ka ba o hindi?

(*Iaabot ni Zaldy ang kanyang kamay. Sasakay sila sa upuan ng roller-coaster. Dahan-dahang itong tatakbo.*)

Toni : Hindi ba exciting?

Zaldy : Parang nasusuka na yata ako. Sa lahat ng taong kilala ko, ikaw ang parating nakakapagpasuka sa akin.

Toni : Ahhhh… ang sweet mong talaga.

(*Maririnig natin ang tunog ng umuusad na roller coaster.*)

Zaldy : Noong nahanap natin ang bangkay ng kapatid ko. Naawa ako sa mahigpit na pagkakatali ng kalansay. Sa basag na bungo. Akala ko, 'pag nalaman na namin kung saan ang bangkay…

Toni : Kuwarentan y singkong taon na nabuhay ang tatay ko sa mundong ibabaw. Lumaki sa Tondo, nag-aral, nagbulakbol, kumain ng palabok, nanood ng sine,

namasukan sa pabrika, nanindigan sa tamang suweldo. Isang araw, nawala na lang siya.

(*Biglang aarangkada ang roller-coaster.*)

Zaldy : Pero, alam mo, hindi natatapos. Hindi natatapos kung hindi natin tatapusin. Pag nakita mo ang bangkay, matatanggap mo lang ang kanyang pagkamatay. Pero hindi mauubos ang mga tanong. Sino ba ang dudukot sa kapatid ko? Anim na taong gulang lang siya? Paano siya nadala sa Palawan? Bakit siya pinahirapan ng ganoon bago siya patayin?

Toni : Umalis ka kasi kaagad sa Sentro. Marami kami doong makakatulong pa sa iyo.

(*Pangalawang arangkada ng roller-coaster. Mas malakas.*)

Zaldy : Maikli ang buhay para sagutin ang lahat ng mga tanong. Nagbulakbol ako sa arcade noong araw na dinukot si Sarah. Noong araw na na-late ako sa pagsundo sa kanya. Kung hindi ako na-late….Tapos na. Nangyari na. Kung parati kong babalikan, paano ako makakaalis?

Toni : Matagal pa ba bago tayo umabot sa taas?

Zaldy : Hindi ko sinasabing kalimutan mo ang tatay mo. Ang gusto ko lang ay huwag kang mailibing na kasama siya. Magkaka-anak na tayo Toni. Pag-isipan mo naman 'yan.

Toni : Hindi ako praktikal na tao. Baka hindi ka magtagal sa akin.

Zaldy : Ang tapang mo, Toni. Minsan nakakatakot ang tapang mo.

Toni : 'Pag ako nagka-pera, magpapagawa ako ng roller coaster horror ride. Mas malaki dito. Maglalagay ako ng mga eksenang nakakatindig balahibo na galing sa totoong buhay. Mga taong nawawala, sinasalvage. Mga pugot na ulo ng mga komyunista. Mga kinuryente ang mata ng mga suspect. Mga rinatrat na peryodista.

Zaldy : Gugustuhin ba yan ng mga tao? Ang hanap lang nila ay pampalipas oras hindi ang katotohanan.

Toni : Malapit na tayo sa taas.

Zaldy : Ang ganda pala ng view dito. Hayun ang highway, o. Kitang-kita mo hanggang sa dulo.

Toni : May sasabihin sana ako, Zaldy…

Zaldy : Ilang segundo na lang, hahagibis na ang rollercoaster sa dilim!

.

Toni : Pagkagaling ko sa Tuguegarao, ipapa-abort ko ang bata.

(*Biglang dadausdus ang tren pababa. Bubukas ang strobe light upang ipahiwatig ang bilis ng takbo ng roller coaster.)*

Zaldy : (*May halong takot, pangamba, guilt at galit*.) Ahhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhh!

(*Sa susunod na ikot ng sakay. Habang kinakalmante nila ang kanilang hininga*. *Naririnig pa rin natin ang mahinang dagundong ng roller coaster ride*. *Papatayin ang takbo ng strobe light.*)

Zaldy : Ano ba ang problema mo? Sabi ko naman sa iyong pakakasalan kita. Kung ayaw mo ng bata, ibigay mo na lang sa akin.

Toni : Para ano? Para may magamit kang laruan pamalit sa kapatid mo?

Zaldy : Hindi Toni. Gusto kong gawin yun dahil… naaawa ako sa iyo.

(*Strobe light ulit. Biglang iikot ang ride at saka mabilis na haharurot pababa*.)

Toni : (*May halong inis at tagumpay na nainis niya si Zaldy*.) Ahhhhhhhhhhhhhhhhhh!

(*Mawawala ang strobe light.Hihinahon uli ang sakay*.)

Zaldy : Mabait ka, Toni. Ang dami mong naitulong sa amin. Ang ibig kong sabihin---

Toni : Ano yun? Hindi kita naririnig. Wala akong naririnig. Pwede bang mag-enjoy na lang tayo?

(*Paakyat ang roller coaster sa loop de loop. Pareho silang malulunod sa takot at maghahawakan sila ng kamay na parang dalawang batang musmos. Strobe light uli*.)

Zaldy and Toni : Ahhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhhh!!

*(Sa kadiliman, ipro-project ang mga larawan ng mga biktima ng deseparecidos*. *Maririnig ang maraming sigaw ng pagpapahirap.*

*Mula sa dilim, biglang lalabas ang isang Lalakeng mukhang labor leader. Naglalakad na parang zombie. Isa siya sa mga ride attractions. Tinatakot niya ang mga nakasakay sa roller coaster.*

*Sa kabilang panig naman, lalabas ang isang babaeng paslit, nakaputi. May dugong tumatagas sa gitna ng kanyang hita. Nakabusal sa kanyang bunganga ang isang asul na plastic bag ng Shoe mart.*

*Walang humpay na sumisigaw si Zaldy. Pagkatapos ng ilang segundo. Magdadahan-dahan ang tren at titigil sa Exit ng ride. Bababa sina Zaldy at Toni. Babalik sa normal ang lahat*.)

Zaldy : (*Nanginginig pa rin, pero nagtatapang-tapangan*.) Hindi naman nakakatakot. Mataas lang.

Toni : O, so… paano?

Zaldy : Hindi ba tayo kakain?

Toni : May trip pa ako bukas.

Zaldy : Kailan ka kakain sa bahay?

Toni : Sisipot na lang ako?

Zaldy : Huwag matagal ha? Hindi ako nawawala, dinukot o nagtatago. Kung magpalit ang isip mo, sana makadalaw ka bago maghanap ng tatay ang anak natin.

(*Isesenyas ni Zaldy ang pagtawag sa telepono*.)

Toni : Text. Text.

(*Mabilis na lalakad palayo si Toni hanggang makalabas siya sa entablado.*)

Zaldy : (*Hahabulin niya ng salita*.) Salamat sa tae.

(*Babalik si Toni sa entablado*.)

Toni : Nasabi ko bang candy siya?

Zaldy : Hindi.

Toni : Pwede siyang kainin kung gusto mo.

(*Ilalabas ni Zaldy at titingnan ang plastik na tae*.)

Kung gusto mo lang naman.

Zaldy : Bakit ko naman gagawin iyon?

Toni : Kunyari may gusto kang pasikatan na babae. Puwede mong sabihin: "Alam mo, mahal na mahal kita. Gagawin ko ang lahat ng gusto mong gawin ko. At ilalabas mo ang tae'ng binigay ko sa iyo. Ipapakita mo sa kanya. Mandidiri ang girl dahil akala niya totoo. At bago pa man siya makatunog, kakainin mo sa harap niya ang akala niyang tae na sagisag ng pagmamahal mo.

Zaldy : (*Saglit*.)

Ang galing-galing mo talaga.

Toni : Oo naman.

(*Tutunog ang misteryosong nota sa biyulin. Hihina ang mga ilaw kasabay ng pag-iwan ni Toni kay Zaldy. Kapag sigurado na si Zaly na nakaalis na si Toni, mapagmahal niynag titingnan ang candy na tae... at saka didilaan. Maririnig ang mahinang tunog ng carousel. Mapait ang candy. Didilaan niya ng didilaan hanggang malunod ang entablado sa dilim*.)

**TELON**